


# Isang paaralan para sa lahat

Kinuha mula sa  
Studiare e formarsi in Toscana:  
scegli la strada giusta per te



Tagalog

# Panimula

Conferenza Zonale per l'Educazione  
e l'Istruzione - Firenze  
Comune di Firenze  
progetto PEZ 2018-2019

Isang paaralan para sa lahat  
Kinuha mula sa:  
"Studiare e formarsi in Toscana:  
scegli la strada giusta per te"  
Rehiyon ng Toscana

Pagsasalin ng  
Centri di Alfabetizzazione  
ng Comune di Firenze

Pangangalaga ng editorial ng mga  
pagsasalin:  
Alice Cazzagon  
Graphics and layout:  
Caterina Cirri  
Pagsasalin ni:  
Candida Del Vento  
Na-print ng: Tipografia Comunale  
Disyembre 2018




Ang pagpili ng landas sa pag-aaral pagkatapos ng scuola media ay isang mahalagang desisyon. Upang maunawaan ito at mas madaling ma-access isinulat ang mga impormasyon sa brochure **"Studiare e formarsi in Toscana: scegli la strada giusta per te"**, na inilathala ng Rehiyon ng Toscana – sektor ng Educasyon upang magbigay ng pangkalahatang ideya ng mga posibleng alok.

Sa layuning ito, kasama ang kontribusyon ng mga "mediatori culturali" ng Centri di Alfabetizzazione ng Lungsod ng Florence, ang ilan sa mga nilalaman ng publikasyong nabanggit ay isinalin sa iba't ibang wika, upang payagan ang mga hindi pa nakaka-intindi o makapag-salita ng Italyano at kanilang mga pamilya na magkaroon ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga posibilidad na alok sa pag-aaral at / o propesyonal o vocational na paghubog sa mga teritoryo kung saan sila nakatira.

Ang buong teksto sa Italyano ng Rehiyon ng Toscana  
**"Studiare e formarsi in Toscana: scegli la strada giusta per te"**  
ay makikita sa; <https://bit.ly/2BtqSCI>  
Orientation: <https://bit.ly/2R8K5yR>

# Alamin ano-anong uri na haiskul mayroon at saan pwedeng mag-aral pagkatapos ng high school



Naisip mo ba kung ano ang dapat mong gawin pagkatapos ng scuola media? At kung paano ipagpatuloy ang iyong pag-aaral pagkatapos ng high school? Hindi madali pumili ng tamang landas ng pag-aaral, ngunit kung alam mo ang mga pagkakataon at ang mga pagpipilian, magiging mas madali mag-desisyon. Para ka makakapag-desisyon, dapat mong alamin ang iyong mga kapasidad, ang iyong mga personal na interes, loobin, at kagustuhan. Ito ay mahalaga na bagay at makakapekto sa buhay mo.

## Pagkatapos ng scuola media (grade 6-8)

Upang magpatuloy ang pag-aaral, pwede kang pumili sa mga ito:

**High school, technical at propesyonal o vocational instituto** na nakasakop sa **sistemang mataas na educasyon**. Pagkatapos ng limang taon magkakaroon ka ng **diploma**.



**May mga paaralan na mas maikli ang tagal at naglalayong makahanap ng trabaho.** Itong mga paaralan ay nagbibigay ng **propesyonal na kwalipikasyon**. Ito ay bahagi ng **Sistema di Istruzione e Formazione Professionale (leFP)** ng Rehiyon ng Toscana sa loob ng proyektong **"Giovanisi"** ✨



## Pagkatapos ng high school

Upang ipagpatuloy ang iyong pag-aaral pagkatapos ng high school, pwede kayong mag-enroll sa **unibersidad** o sa **"Alta Formazione Artistica e Musicale (AFAM)"** na nagdadalubhasa sa arte at musika. Maaari ka rin pumili ng mga kabilang na kursong teknikal at teknolohika na itinaguyod ng Rehiyon Toscana bilang bahagi ng proyektong **Giovanisi**: ✨

- **mga kurso ng Istituti Tecnici Superiori (ITS) - Specialized Institutong Tekniko;**
- **Ang mga kurso ng Istruzione e Formazione Tecnica Superiore (IFTS) - Edukasyon at Paghubog para sa technical specialization.** Ang mga kurso ay may tagal ng 800-1000 na oras.



Ang **"Giovanisi"** ay ang proyektong Rehiyon ng Toscana para sa awtonomiya ng mga kabataan, nanagbibigay ng mga pagkakataon at tinustusan ng Rehiyon at nakabalangkas sa 7 macro-areas:


**Traineeship, Home, Civil Service, Negosyo, Pag-aaral at Pagsasanay, Trabaho at Giovanisi+** (pakikilahok, kultura, legalidad, panlipunan at isport), para sa mga kabataan hanggang 40 taon). Para sa karagdagang inormasyon, bisitahin ang [www.giovanisi.it](http://www.giovanisi.it)



### REGISTRATION SA MGA PAARALAN PARA SA TAONG 2019-2020:

Ang pagpaparehistro para sa mga paaralan (mataas na paaralan o high school, instituto teknikal at propesyonal o vocational) at para sa mga kurso ng leFP na nag-tatagal ng 3 taon at sa mga institutong propesyonal o vocational sa mga accredited training centres ay bukas mula 8.00 ng umaga ng 7 Enero 2019 hanggang 8 ng gabi ng Enero 31, 2019 Ang pagrehistro online ay obligatorio para sa mga paaralang pam-bansa at hindi obligado para sa mga paaralan "paritarie", ang address ay: [www.iscrizioni.istruzione.it](http://www.iscrizioni.istruzione.it).

# Paano ipag-tuloy ang pag-aaral pagkatapos ng middle school at high school



# Ang pagiging dalubhasa: pagkatapos ng Scuola media



## Mga Haiskul, Institutong Teknikal at Propesyonal o Vocational

Ang **high school** ay nag-bibigay ng diploma pag matagumpay natapos ang 5 taon. May 6 na tipong high school: **klasiko, artistiko, lingguwistiko, siyentipiko, makataong sining** (humanities), **musica at sayaw**.

Ang **Institutong Tekniko** ay nag-bibigay ng diploma pag matagumpay natapos ang 5 taon. Mayroon 11 tipo na kurso na nakahati sa **dalawang sektor**. Sa **Teknolohiyang sektor** ay naka sakop ang computer at telekomunikasyon, elektronika at electroteknika, konstruksiyon, kapaligiran at teritoryo, mechanics, mechatronics at enerhiya, kimika, materyales at biotechnology, agraryo, agri-food at agro-industriya, transportasyon at logistik, graphics at komunikasyon. Ang pangangasiwa, pananalapi, marketing, at mga sektor ng turismo ay naka-sakop sa **sektor ng Ekonomiya**.

Mga **propesyonal o vocational Institutes** ay nagbibigay ng diploma pag matagumpay natapos ang limang taon.

Anim ang mga kursong pang dalubhasa na nakahati sa 2 sektor.

Sa loob ng sektor pang serbisyo ay matatagpuan ang mga kursong pang dalubhasa:

- Mga serbisyo para sa pagluto at pagkikilala ng iba't-ibang uri ng inumin at mabuting pakikitungo,
- Mga serbisyo pang socio-sanitary
- Mga serbisyo pang komersyo
- Mga serbisyo pang agrikultura at pagunlad ng kanayunan.

Sa loob ng sektor pang industriya at pang cottage industry:

- Paglilikha ng industriya at cottage industry

Pagpapanatili at tulong pang teknikal



Para sa karagdagang impormasyon sa mga mataas na paaralan o **high school, mga instituto teknikal at propesyonal o vocational**, bisitahin ang [www.orientamentoistruzione.it](http://www.orientamentoistruzione.it). Kung gusto iyong malaman kung ano ang mga paaralan at instituto sa iyong lugar bisitahin ang [cercalatuascuola.istruzione.it](http://cercalatuascuola.istruzione.it)

## Ang Landas ng Kursong Edukasyon at Propesyonal o Vocational (leFP)

Ang **Landas ng Edukasyon at Pagsasanay pang vocational (leFP)** ay naka-iskedyul bawat taon ng Rehiyon ng Toscana at inilaan para sa mga kabataan na gustong pumili ng alternatibong landas sa mataas na paaralan o high school na nagpapahintulot na matuto ng isang propesyon at makamit ng kwalipikasyon. Pwede silang pumili mula sa 22 kurso na mapakikinabangan sa merkado ng trabaho. Matapos makuha ang kwalipikasyon propesyonal, ikaw ay maaaring:

- **mag-trabaho kaagad;**
- **ipag-tuloy ang kurso** sa pagsasanay sa pamamagitan ng pagpasok sa ikaapat na taon ng mga kurso sa Edukasyon at Pagsasanay pang Vocational at ikaw ay makakakuha ng diplomang propesyonal o vocational;
- **ipagtuloy ang pag-aaral upang** makakuha ng **high school diploma**.

Maaring pumili sa mga ito:

- **tatlong-taong kurso** sa Istituto Professionale Statale (IPS) na kabilang sa inisyatiba;
- **dalawang-taong kurso** ng mga accredited training agency na kabilang sa accreditation system ng rehiyon. Ito ay para sa mga kabataan na nagtapos ng kanilang obligasyong pang-edukasyon, na pumasok sa paaralan sa loob ng at hindi bababa sa 10 taon, anuman ang kanilang kwalipikasyon;
- **tatlong-taong kurso** sa pagsasanay na isinagagawa ng mga organisasyon ng pagsasanay na kinikilala bilang bahagi ng "obligasyon sa edukasyon", kabilang ang dual experimentation.

**Itong mga kurso ay walang bayad.**



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proyekto ng IEFP (Giovanisi) bisitahin ang [www.orientamentoistruzione.it](http://www.orientamentoistruzione.it)  
Para alamin ang mga kursong aktibo bisitahin ang: <https://bit.ly/2yLAdpS>, <https://bit.ly/2PT6cwj>, [www.giovanisi.it](http://www.giovanisi.it) (seksyon Studio e Formazione), [www.regione.toscana.it/fse](http://www.regione.toscana.it/fse).

# Dapat alamin: pagkatapos ng haiskul



## Unibersidad

Para sa mga kabataan na naka-tapos ng haiskul, ang unibersidad ay nag-aalok ng mga kurso na may isa o dalawang siklo o nag-iisang siklo na may iba't ibang tagal: mula ng tatlong taon hanggang anim na taon. Pagkatapos pwedeng mag-patuloy ng pag-aaral para kunin ang Masters etc.

Mayroong **9 na unibersidad sa Toscana**, isa sa mga ito ay online. Ang mga tanggapan ay matatagpuan sa mga lungsod ng Florence, Pisa, Siena, at Luc-ca, na nag-aalok ng mga sumusunod na kurso:

- Agrikultura
- Literatura
- Arkitektura
- Dayuhang Wika at Literatura
- Pananaliksik Panglipunan
- Matematika
- Economics
- Medicine
- Pharmacy
- Psychology
- Physics
- Biological Sciences
- Primary Education
- Chemical Sciences
- Law
- Tourism Sciences
- Engineering
- Political Science
- Computer Engineering
- Statistical Sciences

Posibleng mag-aral sa unibersidad sa pamamagitan ng scholarship. Mag-apply sa Azienda Regionale per il Diritto allo Studio Universitario della Toscana, [www.dsu.toscana.it](http://www.dsu.toscana.it). Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang [www.orientamentoistruzione.it](http://www.orientamentoistruzione.it). Para malaman ang mga kursong aktibo sa Toscana, bisitahin ang: <https://bit.ly/2Seo81u>

## Specialized Artistic and Musical Training (AFAM)

Ang mga **Institutes of Specialized Artistic and Musical Training (AFAM)**, ay naglulunsad ng mga aktibidad ng pagsasanay, produksyon at pananaliksik sa larangan artistiko ng visual arts, musika, sayaw, drama at disenyo. Sa Italya mayroong 132 institusyon, tulad ng:

- Fine Arts Academies
- National Academies ng Dramatic Art
- National Dance Academies
- Music Conservatories
- Musical High Schools
- Instituto specialisado para sa Mga Sining Industriya (ISIA)
- iba pang Institusyon na awtorisadong mag-isyu ng mga kwalipikasyon sa Mas Mataas na Edukasyon artistikong, musical at cho-reutical.

Ang sistema ng pagsasanay ng AFAM ay nahahati sa **tatlong siklo**.

Ang unang siklo ay binubuo ng mga kursong pang-akademikong sa unang antas, pwedeng pumasok sa pamamagitan ng high school diploma. Ang mga kurso sa unang siklo ay tatlong taon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa AFAM, bisitahin ang [www.orientamentoistruzione.it](http://www.orientamentoistruzione.it), para malaman tungkol sa mga institusyon sa Toscana bisitahin ang <https://bit.ly/2AoYlqn>.

# Dapat alamin: pagkatapos ng haiskul



## Specialized Technical Institutes (ITS)

Ang mga **Istituti Tecnici Superiori** o specialized technical institutes ay nilikha upang matugunan ang pangangailangan ng mga kumpaniya ng mga bagong kagalingan sa teknika at sa sektor teknolohiya. Ito ay bahagi ng unibersidad para sa tertiary education. Ang mga ITS ay nag-tuturo at nag-papasanay ng mga specialized technicians (**V livello EQF**) sa mga technical strategies para sa pag-unlad at paligsahan ng ekonomiya ng rehiyon at nag-bibigay rin ng diploma para sa specialized technician.

Pwedeng mag-enroll sa mga kursong ITS:

- ang mga kabataan na may **haiskul diploma**
- ang mga kabataan na naka-tapos ng **5 taon sa Edukasyon at Pagsasanay para teknika at propesyonal or vocational (leFP)** at naka-tapos ng isang taon sa **Istruzione e Formazione tecnica Superiore (IFTS)** o Edukasyon at Pampanuro ng technical specialization.

Ang Toscana ay may pitong institutong ITS at nag-aalok ng mga kurso ng dalawang taon na may tagal ng 1800/200 oras, kung saan 30% ng oras ay para sa internship sa itong mga technological areas:

- Mga maka-bagong teknolohiya para sa Made in Italy – **mekanikal system**
- Mga maka-bagong teknolohiya para sa Made in Italy – **fashion system**
- **Kahusayan sa Enerhiya**
- Mga maka-bagong teknolohiya para sa Made in Italy – **agri-food system**
- **Maka-bagong teknolohiya para sa buhay ng araw-araw**
- **Sustainable mobility**
- Mga makabagong teknolohiya para sa **mga asset at aktibidad ng kultura**

Ang mga kurso ng ITS ay **tinustusan ng Rehiyon ng Toscana** sa pamamagitan ng **European Social Fund (ESF)** bilang bahagi ng proyekto ng **Giovanisì**.

## Ang mga kurso ng Istruzione e Formazione Tecnica Superiore (IFTS) - Pag-aaral at edukasyon para sa teknolohiya especializado

Ang mga kurso ng IFTS ay binubuo ng 800 – 1000 na oras kung saan 30% ay para sa internship para maka-pasok sa trabaho ang mga kabataan at para rin sa pag-tuturo ng mga teknolohiyang specialized sa mga adulto. Binibigyan ng sertipiko pang kuwalipikasyon na tinatanggap sa buong Italya na tinatawag Certificato di specializzazione tecnica superiore (sertipiko para sa specialization ng teknolohiya) at nag-bibigay ng credits na tinatanggap sa mga unibersidad sa lahat ng Rehiyon ng Italya at ng Europe.

Maaaring kumuha ng kursong IFTS ang mga:

- Kabataan at adulto na may o walang trabaho na naka-tapos **ng high school**;
- Yung mga naka-pasok sa **ika-limang taon ng haiskul**;
- Yung mga **walang high school diploma** bago ang accreditation ng mga kakayahan na nakamtan sa nakaraang edukasyon, pagsasanay at trabaho pagkatapos ng **pagkumpleto ng mga taon ng obligasyon ng edukasyon**;
- Kabataan at adulto na may o walang trabaho na may vocational **diploma para sa teknolohiya**.

**Itong mga kurso ay walang bayad kasi tinutusan** ng Rehiyon ng Toscana sa pamamagitan ng **European Social Fund (ESF)** sa loob ng **Giovanisì**.



Para sa karagdagang impormasyon sa mga katangian ng ITS bisitahin ang [www.indire.it/its](http://www.indire.it/its) o <https://bit.ly/2PQBGN4>, upang malaman ang mga paaralang ITS sa Toscana, bisitahin ang <https://bit.ly/2TLPQ74>, Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kursong inaalok ng IFTS, bisitahin ang <https://bit.ly/2DJN0du> at bisitahin ang [www.giovanisi.it](http://www.giovanisi.it) (seksyon Studio e Formazione) at [www.regione.toscana.it/fse](http://www.regione.toscana.it/fse).





